23-09316

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DAVAO DEL NORTE

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
CID- 2023-103

To: Dr. Rebecca C. Sagot, Assistant Schools Division Superintendent
Dr. Eduard C. Amoguis, Chief, Curriculum Implementation Division
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
All School Heads

Subject: **ONLAYN DAP-AYAN SA MGA BABASAHIN SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Date: February 20, 2023

---

1. Relative to Regional Memorandum CLMD-2023-062 entitled Onlayn Dap-Ayan sa mga Babasahin sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino, this Office enjoins the participation of any interested individuals to the said competition.
2. Further details and information are found in the enclosures.
3. Everyone is highly encouraged to continually support and recognize the value of equality and diversity of all personnel while complying with the directives set forth by this office.
4. Please be guided accordingly.

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV
and concurrent Officer- In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

DEPED DAVAO DEL NORTE
RECORDS SECTION
RELEASED
DATE: 2-20-23
BY:

For the Schools Division Superintendent:

**REBECCA C. SAGOT, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent

Enclosure: As stated
*CID/ gstd*


Address: Mankilam, Tagum City, Davao del Norte
Telephone Number: (084) 216-6742 | Telefax (084) 216-6506
Website: www.depeddavnor.ph | Facebook: DepEd Davao del Norte

Republic of the Philippines
# Department of Education
DAVAO REGION

Office of the Regional Director

**REGIONAL MEMORANDUM**
CLMD-2023-062

Para kay : Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa : ONLAYN DAP-AYAN SA MGA BABASAHIN SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Petsa : Pebrero 10, 2023

---

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng Onlayn Dap-Ayan sa mga Babasahin sa Saliksik at Kulturang Pilipino, mula Pebrero 24 hangang Pebrero 28 ng taong kasalukuyan.

Ang proyektong ito ay serye ng mga pagbasa at talakayan sa iba't ibang panitikang -bayan ng bansa kabilang ang salawikain, bugtong, alamat, awiting-bayan, at epiko.

Bukas ang patimpalak sa sinumang interesado, kinakailangan lamang na magpatala sa link na ito: **https://forms.gle/idhnj7N4rrikkpcN6**. Pipili ang KWF ng 30 kalahok na pagkakalooban ng sertipiko ng partisipasyon.Magbibigay ng din ng mga aklat ng KWF Publikasyon sa piling mga kalahok.

Para sa ibang detalye o impormasyon, sumangguni sa kalakip na kopya sa naturang patimpalak.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV

*Enclosed: As stated*

*Roc13/mjmm*

2.13.23

**Address:** F. Torres St., Davao City (8000)
**Telephone Nos.**: (082) 291-1665; (082) 221-6147

ISO 9001:2015: Certified

23-14906
03 FEB 2023
3

**KWF Onlayn Dap-áyan, magsisimula na ngayong Pebrero 2023 tampok ang mga salawikain**

Magsisimula na sa 24 Pebrero 2023 ang Onlayn Dap-áyan sa mga Babasahín sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tampok ang mga salawikain.

Ang proyektong ito ay serye ng mga pagbása at talakayan sa iba't ibang panitikang-bayan ng bansa kabilang ang salawikain, bugtong, alamat, awiting-bayan, at epiko.

Kumukuha ito ng inspirasyon sa dap-áyan ng mga taga-Kordilyera na may kinalaman sa mga ritwal at paraan upang malutas ang mga isyu ng komunidad.

Sa bawat sesyon, magbibigay ang KWF ng babasahín at gabay sa pagbása ng mga panitikang-bayan para sa isasagawang talakayan sa onlayn na platform.

Bukás na ang pagpapatalâ para sa unang sesyon tampok ang salawikain sa 24 Pebrero 2023. May hiwalay na pagpapatalâ para sa iba pang sesyon: 28 Abril (bugtong), 28 Hunyo (alamat), 31 Agosto (awiting-bayan), at 27 Oktubre (epiko).

Libre at bukás ito sa sinumang interesado. Kinakailangan lámang magpatalâ sa link na ito: https://forms.gle/idhnj7N4rrikkpcN6. Pipili ang KWF ng 30 kalahok na pagkakalooban ng sertipiko ng partisipasyon. Magbibigay rin ng mga aklat ng KWF Publikasyon sa piling mga kalahok.

Para sa mga detalye, maaaring magpadala ng email kay Roy Rene S. Cagalingan sa rrcagalingan@kwf.gov.ph.

# ONLAYN DAP-ÁYAN

## SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO

| PAKSA | PETSA |
|---|---|
| Salawikain | 24 Pebrero 2023 |
| Bugtong | 28 Abril 2023 |
| Alamat | 28 Hunyo 2023 |
| Awiting-bayan | 31 Agosto 2023 |
| Epiko | 27 Oktubre 2023 |

**Libre po ito!**

**Magpatalâ na para sa salawikain.**